# Pangangalaga sa Ngipin para sa mga Taong may Intellectual at Developmental Disabilities (IDD)

## Mga Tip upang magkaroon sila ng malusog na bibig:

**Maaaring abutin ng oras bago maging kampante ang isang taong may kapansanan sa dentista.** Dapat ipaliwanag ng mga bagong pasyente ang kanilang mga problemang medikal sa dentista at humingi ng isang "kilalanin muna" na pagbisita. Sa ganitong pagbisita, makikilala ng tao ang dentista, uupo sa dental chair, titingnan ang mga gamit pang-dental, at maririnig ang mangyayari sa pagsusuri.

**Dalhin ang medikal na kasaysayan ng tao at listahan ng lahat ng gamot na iniinom.** Sabihin sa dentista ang magaganda at hindi magagandang karanasan mula sa mga naunang dental visit. Huwag kalimutang dalhin ang ID card ng tao.

**Sa bahay, magsipilyo at mag-floss araw-araw sa parehong oras at sa parehong lugar.** Ipaliwanag ang bawat hakbang ng pagsisipilyo at pag-floss bago ito gawin. Ipakita kung paano ka nagsisipilyo at nag-flo-floss upang makita ng tao kung paano ito ginagawa. Magpatugtog ng musika o hayaang hawakan ng tao ang paboritong laruan upang makatulong na mag-relax.

**Ang paggamit ng power toothbrush ay maaaring mas madali kung hindi sila nababahala sa ingay at pakiramdam nito.** Ang toothpaste ay nakakaistorbo para sa ilan na may problema sa paglunok, kaya tubig na lang ang gamitin. Para sa mga hindi makakapagmumog pagkatapos magsipilyo, bigyan sila ng inumin na tubig o punasan ang bibig gamit ang daliring binalot ng gasa.

**Subukan ang iba't ibang uri ng floss upang makita kung alin ang gusto ng tao.** Maaaring makatulong ang paggamit ng floss holder o power flosser. Mas madali kadalasan kung nakaupo o nakatayo ka sa likod ng tao habang nagsisipilyo at nag-flo-floss.



Kailangan ba ng tulong upang makapagpa-schedule ng pagbisita o makahanap ng bagong dentista? Makakatulong kami.

Pakibisita ang **www.hndental.com.**

O tumawag sa:
Mga miyembro ng Los Angeles County: **1-844-233-4522**

Mga miyembro ng Sacramento County: **1-833-493-0428**

Oras: 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. PT Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TDD/TTY sa **1-800-466-7566.**

Pinagmulan at website:
*Tips for treating patients with intellectual and developmental disabilities.* Registered Dental Hygienists (RDH), www.rdhmag.com

Ang impormasyong ito ay hindi kapalit ng medikal o dental na pangangalaga. Mangyaring sundin palagi ang mga instruksyon ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay subsidiary ng Health Net, LLC at Centene Corporation. Ang Health Net ay rehistradong marka ng serbisyo ng Health Net, LLC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

FLY1956208TH01w (9/25)